LEVEL 3

# Leveled Reader

## in Filipino

## Kuwento ng Magkapatid na Daga: Si Kiko at si Tomas



Kuwento ni Yvette U. Tan
Salin sa Filipino ni Ani Rosa Almario
Guhit ni Hannah Manaligod


# Unang Bahagi



Ang kuwentong ito ay tungkol sa magkapatid na daga.

Tagaprobinsiya si Kiko habang tagasiyudad naman si Tomas. Kahit magkalayo sila’y malapit sila sa isa’t isa. Sa katunayan, madalas silang nagsusulatan para ayain ang isa’t isang bumisita sa kani-kaniyang tirahan.

Isang araw, naisip ni Tomas na bisitahin si Kiko. Tuwang-tuwa si Kiko at agad-agad ay naghanda sa pagdating ng kapatid.




Pagkatapos ng dalawang mahabang araw ng paglalakbay, nakarating din si Tomas sa bahay ni Kiko sa probinsiya.

"Kumusta ang biyahe mo?" tanong ni Kiko.

"Napakatagal ng biyahe ko! Kinailangan kong sumakay ng barko nang isang araw, at pagkatapos ay sumakay ng bus nang napakatagal para makarating dito. Natutuwa akong nakarating din dito pero sobra akong napagod at nagutom," sagot ni Tomas.

"Halika't kumain ka't magpahinga," aya ni Kiko.



Nagsalo sa hapunan sina Tomas at Kiko. "Ito lang ba ang kinakain mo, Kiko? Mais at munggo?" tanong ni Tomas.

"Ayaw mo ba ng mais at munggo? Puwede rin kitang ipaghanda ng iba't ibang uri ng gulay o di kaya prutas," sagot ni Kiko.

"Wala bang keso? Sa siyudad, napakaraming uri ng keso ang puwedeng kainin. Napakasarap ng mga kesong natikman ko at nanggaling pa ang mga iyon sa ibang mga bansa," pagmamalaki ni Tomas.

"Talaga? Parang gusto ko nang pumunta sa siyudad para lang matikman ang mga kesong sinasabi mo," sabi ni Kiko.

"Bakit hindi? Bisitahin mo ako minsan," aya ni Tomas. Napakasaya ng magkapatid na nagkasama silang muli.



Kinabukasan, madilim pa lang ay gising na si Kiko at handa nang magtrabaho.

“Ang aga mo naman gumising!” sabi ni Tomas na humihikab pa.

“Maaga talaga akong gumigising para marami akong matapos na trabaho bago magtanghali,” sagot ni Kiko. “Mas mainit kasi ang araw kapag magtatanghali na.”

“Sa bagay, maaga rin kaming gumising sa siyudad para makaiwas sa trapik,” sabi ni Tomas.

“Ay, hindi namin problema ang trapik dito sa probinsiya,” sabi ni Kiko. “Halika, samahan mo ako sa bukid.”

Bumangon si Tomas para samahan ang kapatid.

Skill Builder

**Pagbuo ng Prediksiyon**

Ano sa tingin mo ang susunod na mangyayari sa kuwento?



Naglakad papuntang kabukiran sina Kiko at Tomas. Nakita ni Tomas ang napakalawak na bukirin. Iilan lang ang nakita niyang bahay. Walang matataas na gusali tulad ng sa siyudad, at wala ring gaanong tao.
"Kiko, kaunti lang ba ang tao rito?" tanong niya sa kapatid.

"Labinlimang libo katao ang kabuuang populasyon ng bayan namin," sagot ni Kiko.

"Aba! Kaunti nga ang tao rito. Sa siyudad namin, mahigit 1.6 milyon ang tao," sabi ni Tomas.



“Milyon? Ang dami namang tao doon! Siguro siksikan kayo,” sabi ni Kiko.

“Ay, oo naman. Siksikan talaga, saan ka man magpunta. Sa siyudad, wala ka masyadong makikitang malalaking espasyo tulad nitong kabukiran,” sabi ni Tomas habang nakatanaw sa bukid. “At marami kaming matataas na gusali,” dagdag pa ni Tomas.

“Naku! Ang saya sigurong makakita ng matataas na gusali!” sabi ni Kiko nang may pananabik.



Pagkatapos magtrabaho sa bukid ay umuwi na ang magkapatid sa bahay ni Kiko. “Ang hirap ng ginawa natin. May mabibilhan ba tayo ng malamig na inumin?” tanong ni Tomas.

“Tatlong kilometro ang pinakamalapit na tindahan dito,” sagot ni Kiko.

“Ano? Ang layo naman ‘nun. Meron bang taxi rito?” tanong ni Tomas.

“Mmm, walang taxi rito pero puwede tayong mag-abang ng traysikel kung sakaling may dumaan,” sagot ni Kiko.




“E baka dapat magsimula na tayong maglakad,” sabi ni Tomas. Naglakad sila papuntang tindahan para maghanap ng malamig na maiinom.

“Sa siyudad na tinitirhan ko, laging may malapit na tindahan. Kung kailangan mong pumunta sa isang lugar, puwede kang sumakay ng bus, traysikel, jeep, o kaya MRT,” sabi ni Tomas.

“MRT? Ano ‘yun?” tanong ni Kiko.

“MRT ang tawag sa mga tren na bumabaybay sa iba’t ibang bahagi ng siyudad,” sabi ni Tomas.

“Wow! Ni minsan ay hindi pa ako nakasakay ng tren. Sana makasakay ako ng MRT!” sabi ni Kiko na ngayo’y kumbinsido nang dapat siyang bumisita sa siyudad.




Nakarating din sa tindahan ang magkapatid. At sa wakas, napawi ng malamig na inumin ang kanilang pagkauhaw. Patuloy na nagkuwento si Tomas tungkol sa buhay niya sa siyudad.

“Marami kaming mga mall sa siyudad. Ang mall ay isang malaking gusaling naglalaman ng iba’t ibang tindahan at kainan.”

“Gusto kong makapasok sa isang mall,” sabi ni Kiko na ngayo’y sabik na sabik nang makarating doon. Nagplano ang magkapatid tungkol sa pagtungo ni Kiko sa siyudad.

## Skill Builder

**Talaan**

Maglista ng iyong mga planong gawin kung bibisitahin mo si Kiko sa probinsya. Huwag kalimutang sumulat ng wastong pangungusap na may tamang bantas.

| | |
|---|---|
| Lunes | |
| Martes | |
| Miyerkoles | |
| Huwebes | |
| Biyernes | |
| Sabado | |
| Linggo | |



Nagbarko ng isang araw at nagbus nang ilang araw sina Kiko at Tomas para makarating sa siyudad. Ito ang unang pagkakataong maglalakbay si Kiko kaya't sabik na sabik siya. Napakarami niyang gustong makita at maranasan.

Pagdating nila sa siyudad, hindi makapaniwala si Kiko sa dami ng tao at sa tayog ng mga gusali. Napakaraming kotse, bus, trak, at traysikel na dumaraan sa harapan nila ni Tomas. Beep! Beep! Ang ingay ng mga busina! Sa dami ng bagong bagay ay tila nahilo si Kiko.




“O, ano ang palagay mo sa siyudad?” tanong ni Tomas.

“Nakaaaliw! Napakaraming bagong tanawin!” sagot ni Kiko. Gulat na gulat si Kiko sa nakikita niya.

“Halika, pumunta na tayo sa bahay ko,” aya ni Tomas sabay takbo sa gitna ng kalye.

Susunod sana si Kiko pero biglang may dumaan na trak na napakabilis ng takbo. Natakot tuloy si Kiko at nanatiling nakatayo sa gitna ng daan.

“Halika na, Kiko! Tumakbo ka lang nang mabilis para ‘di ka masagasaan,” sigaw ni Tomas. Mabilis na tumakbo si Kiko papunta sa kaniyang kapatid habang iniiwasan ang matutulin na sasakyan.





Hinihingal si Kiko nang makarating siya sa kinatatayuan ni Tomas. "Nakakanerbiyos naman ang bilis ng mga sasakyan dito," sabi ni Kiko.

"Dapat lang ay matuto kang tumakbo nang mabilis habang tumitingin sa kaliwa at kanan mo," payo ni Tomas. "Masasanay ka rin."

Pero sa palagay ni Kiko, di siya masasanay sa ganito.

"Halika na, nasa kantong iyon ang bahay ko," sabi ni Tomas.




Punong-puno ng kung ano-anong napulot niya sa siyudad ang bahay ni Tomas. Mayroon siyang kaha ng posporo na ginawa niyang kama. Mayroon din siyang upuan at mesang gawa sa butones. "Maligayang pagdating sa bahay ko!" bati ni Tomas.

"Ang ganda ng bahay mo," sabi ni Kiko. "Mayroon bang makakain dito?"

"Ah, 'yan ang masaya. Dadalhin kita sa malapit na kainan," sabi ni Tomas.

Skill Builder

**Pagbuo ng Tanong**

I. Mula sa tekstong binasa, ilista ang mga tanong na pumasok sa iyong isipan. Mayroon ka bang gustong itanong tungkol sa kuwento o sa paksa (hal. siyudad)?

II. Makipagpalitan ng tanong sa iyong katabi at subukang sagutin ang mga ito.

## Ikalawang Bahagi




Pumunta sa isang malapit na kainan ang magkapatid. Akala ni Kiko ay dadaan sila sa harapan pero dinala siya ni Tomas sa likuran ng kainan.

"Ngayon kailangan nating hintaying makaalis ang lahat ng tao at dumilim bago tayo pumasok. Ang laking handaan nito," sabi ni Tomas.

"Bakit hihintayin pa nating dumilim? Gutom na gutom na ako. Hindi pa ba tayo puwedeng pumasok?" tanong ni Kiko.

"Delikadong pumasok ngayon kasi baka hulihin tayo ng kusinero. Mas ligtas na pumasok tayo pag-alis niya," sabi ni Tomas.

Sumimangot si Kiko dahil sobrang gutom na siya.




Pagkatapos ng ilang oras, namatay ang ilaw sa kainan.

“Ngayon, puwede na tayong pumasok,” bulong ni Tomas kay Kiko sabay pasok sa isang siwang sa bintana. Sinundan siya ni Kiko na kabadong-kabado. Tumalon si Tomas patungong kabinet. Sinundan siya ng kapatid. Sa loob ng kabinet ay may mga garapong may lamang tsokolate, kendi, biskuwit, at cupcake. Mayroon ding isang malaking bloke ng keso.


“Wow, ang daming pagkain!” sigaw ni Kiko.




“Sabi ko sa’yo maraming makakain dito sa siyudad!” pagmamalaki ni Tomas. Binuksan ng magkapatid ang mga garapon at sinubukan ang mga laman nito.

“Subukan kaya natin ‘yung keso?” tanong ni Kiko.

Kasalukuyang nginangatngat ni Tomas ang plastic na nakabalot sa keso nang biglang sumindi ang ilaw. Narinig nila ang isang napakalakas na boses at ang tunog ng mga nagbagsakang kaldero’t kaserola.



Bumalik pala ang kusinero! May nakalimutan siya sa kusina. Nang makita niya ang dalawang daga sa nakabukas na kabinet, kumuha siya ng walis at sinubukan silang paalisin gamit ito. Hindi ang mga daga kundi ang mga kaldero't kaserola ang natamaan niya.

Napatalon si Tomas at Kiko. Agad silang tumakbo patungo sa bintana at dali-daling lumabas. Tumakbo sila hanggang makarating sila sa bahay ni Tomas.

"Muntik na tayong mahuli ng kusinero! Akala ko katapusan na natin 'yun," sabi ni Tomas.



“Magpapaalam na ako sa ‘yo, mahal kong kapatid,” sabi ni Kiko.

“Bakit aalis ka na agad?” tanong ni Tomas.

“Nakaaaliw man ang buhay dito sa siyudad, mas gusto kong manirahan sa probinsiya. Doon ay puwede akong kumain ng mais at munggo nang mapayapa at walang takot,” sagot ni Kiko.

Kinabukasan ay umuwi na sa probinsiya si Kiko. Nangako naman si Tomas na bibisita sa kaniya nang madalas.

Skill Builder

**Uri ng Pangungusap**

I. Ilista ang mga pagkaing sikat mula sa inyong lugar. Halimbawa: suman, puto

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

II. Mula sa listahang ito, gumawa ng iba't ibang uri ng pangungusap: pasalaysay, patanong, pautos, pakiusap, at padamdam.

________________________________________

________________________________________

________________________________________


________________________________________

________________________________________

## Skill Builder

**Pakikipagtalastasan**

Bumuo ng Venn diagram na nagtatalakay ng pagkakapareho at pagkakaiba ng probinsiya at siyudad. Sundan ito ng paliwanag tungkol sa ginawang diagram.



DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation